
# Point VIEWER Publishing

PVN


## The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 9

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 43 | MAY 25 - 31, 2026 | ₱15.00

# POSIBLENG PAGPAPALIT KAY SP CAYETANO, AABANGAN SA PAGBABALIK-SESYON NG SENADO

P2





## Alex Eala, sasabak sa Strasbourg tournament bilang paghahanda sa French Open

BASAHIN SA PAHINA 12



## Mabilis na pagpasa sa Cybersecurity Act, hiniling ni Yamsuan sa Kongreso dahil sa lumalalang cyber attacks

PAHINA 3

## Mahigit 500-K customer ng Meralco, naapektuhan ng rotated power interruptions sa Luzon

P3



## Grizzlies, nakiramay sa biglaang pagpanaw ni Brandon Clarke

PAHINA 12



## Posibleng mosyon para ibasura ang Articles of Impeachment vs VP Sara sa oras na mag-convene ang Senado, labag sa Konstitusyon – Diokno

P3

## Kauna-unahang 'openly gay' player ng NBA na si Jason Collins pumanaw na, 47

PAHINA 12



PAHINA 12

## Tiger Woods nakabalik na sa bahay nito matapos na sumailalim sa rehab sa Switzerland

## Ex-England football captain David Beckham kauna-unahang British billionaire sa larangan ng sports

BASAHIN SA PAHINA 12



## CFO teams up with iPBA to provide free legal aid for Non-Resident Filipinos




PAHINA 2

PAHINA 2 Panukalang naglalayong palawigin ang bisa ng PRC identification cards lusot na sa second reading

# Bishop Bacani nagpaalala sa mga senador, taong bayan ang pinagsisilbihan 'di si VP Sara



Nagpaalala si Novaliches Bishop Teodoro Bacani sa mga senador na tungkulin nilang magsilbi sa mamamayang Pilipino at hindi sa iisang personalidad lamang kaugnay ng pag-convene ng Senado bilang impeachment court laban kay Vice President Sara Duterte.

Sa isang misa sa EDSA Shrine, kasama ang ilang miyembro ng House prosecution panel at civil society groups, nanawagan si Bacani na agad simulan ang impeachment trial at iginiit na dapat paialin ang tungkulin ng mga senador sa bayan.

Bilang isa sa mga bumalangkas ng 1987 Constitution, sinabi niya na dapat "agaran" o "forthwith" ang pagdinig sa impeachment case at hindi dapat maantala ng mga isyung pampulitika sa Senado.

Dumalo sa misa sina Mamamayang Liberal Party-List Rep. Leila de Lima, at mga kinatawan na sina Rep. Joel Chua at Lorenz Defensor, na pawang bahagi ng House prosecution panel. Humiling sila ng gabay at lakas para sa kanilang gagawing pag-uusig sa impeachment case.

Samantala, ilang civil society groups ang nagsagawa rin ng protesta sa labas ng EDSA Shrine, nananawagan na ituloy na ang impeachment trial na matagal nang hinihintay ng publiko.

Ayon sa House prosecution team, handa na sila sa paglilitis at nakahanda na rin ang paghahati-hati ng mga Articles of Impeachment sa bawat miyembro ng panel, gayundin ang paghahanda sa mga posibleng witness at private prosecutors.

Inaasahan din nilang hindi maaapektuhan ng tensyon sa Senado ang proseso ng impeachment, dahil ito ay isang constitutional duty ng mga mambabatas.

# CFO teams up with iPBA to provide free legal aid for Non-Resident Filipinos




Pasay City - The Commission on Filipinos Overseas (CFO) and International Pro Bono Alliance (iPBA) formalized on May 12, 2026 their partnership to make legal assistance more accessible to Filipino migrants and their families.

CFO Chairperson, Secretary Dante "Klink" Ang II led the MOU signing, emphasizing how this collaboration will support overseas Filipinos, particularly those who lack the financial means to seek legal counsel. On the other hand, Atty. Purificacion Bartolome-Bernabe highlighted the iPBA's vital role in educating the public through lectures, protecting vulnerable groups, including overseas Filipinos, and building networks with pro bono legal organizations internationally, as well as law schools with legal clinics in the Philippines.

Under the agreement, iPBA will primarily accommodate legal referrals from the CFO for free consultation and counseling. The partnership also covers the delivery of legal education through lectures and support for various initiatives benefiting overseas Filipinos and their families, both locally and abroad. **(Photos by Jans Jerome Bentula and Sir Jerry Carual)**

# Posibleng pagpapalit kay SP Cayetano, aabangan sa pagbabalik-sesyon ng Senado



Posilbe ngayong araw ng Lunes ang pagbabago sa liderato ng Senado sa muling pagbabalik ng sesyon, matapos ihayag ni Senate President Alan Peter Cayetano na may mga umano'y kumikilos upang mapatalsik siya sa puwesto.

Sa isang pulon balitaan, sinabi ni Cayetano na may nagaganap umanong pagtatangka ng "kudeta" laban sa kanyang liderato sa Senado.

Ayon kay Cayetano, may mga senador umano na kinakausap upang muling sumama sa grupo ng minorya na pinamumunuan ni Senate Minority Leader Vicente "Tito" Sotto III.

Dagdag pa niya, mayroon din umanong "pananakot" sa ilang senador na hinihikayat na lumipat ng panig.

Sa kasalukuyan, posibleng mabawasan ang bilang ng mga susuporta kay Cayetano dahil inaasahang hindi dadalo sa sesyon si Senador Ronald "Bato" dela Rosa, na umano'y malayang nakaalis sa Senado noong Huwebes ng madaling araw.

Dahil dito, maaaring bumaba sa 12 ang bilang ng mga senador na maaring bumoto para mapanatili si Cayetano bilang Senate President.

Matatandaang 13 senador ang bumoto noon upang mailuklok si Cayetano sa puwesto, habang siyam naman ang sumuporta kay Sotto. Habang sina Sen. JV Ejercito at Juan Miguel Zubiri ang nag-abstain sa botohan.

Kung papanig umano sa minorya ang dalawang nag-abstain at may mahikayat pang dalawang senador mula sa kasalukuyang mayorya, maaari silang makabuo ng bagong "Magic 13" na sapat upang magsagawa ng panibagong pagbabago sa liderato ng Senado.

# Panukalang naglalayong palawigin ang bisa ng PRC identification cards lusot na sa second reading

Inaprubahan na ng Kamara sa ikalawang pagbasa ang panukalang batas na naglalayong palawigin ang bisa ng Professional Regulation Commission (PRC) identification cards mula sa kasalukuyang tatlong taon patungong limang taon.

Sa pamamagitan ng voice voting, ipinasá ang House Bill (HB) No. 8876 upang maibsan ang gastos at paulit-ulit na proseso ng renewal para sa milyun-milyong propesyonal na Pilipino.

Ayon kay Leyte Rep. Ferdinand Martin G. Romualdez, isa sa mga may-akda ng panukala, mahalagang mapagaan ang pasanin ng mga guro, nurse, engineer, architect, accountant, at iba pang propesyonal na itinuturing na haligi ng ekonomiya. Ang hakbang na ito ay bahagi rin ng pagbawas sa red tape upang gawing mas mabilis at makatao ang serbisyo ng gobyerno.

Narito ang ilang mahahalagang probisyon ng inaprubahang panukala: Palawigin sa limang (5) taon ang validity ng lahat ng Professional Identification Cards (PIC); Atasan ang PRC Information and Communication Technology Service na i-upgrade ang kanilang digital registration system sa loob ng anim na buwan mula sa pagpapatupad ng batas at Bawasan ang mahabang pilahan at i-decongest ang appointment system ng PRC sa pamamagitan ng pagbawas ng mga taunang transaksyon.

" Sa panahon ngayo, mahalaga na mapagaan natin ang gastos at abala ng ating mga propesyonal. Sa pagpapalawig ng validity ng PRC IDs mula sa tatlo tungo sa limang taon, mas mabibigyan natin sila ng panahon para mag-focus sa kanilang trabaho, kabuhayan, at serbisyo sa bayan kaysa sa paulit-ulit na proseso ng renewal," pahayag ni Rep. Romualdez.

Ang HB 8876 ay pagsasama-sama ng siyam na magkakahiwalay na panukalang isinulong ng iba't ibang kongresista sa ilalim ng pamumuno nina Speaker Faustino "Bojie" G. Dy III at House Majority Leader Ferdinand Alexander "Sandro" A. Marcos, na umaayon din sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na i-modernisa ang mga serbisyo ng pamahalaan.

" This is a practical and people-centered reform that will make government services faster, more efficient, and more convenient for millions of Filipino professionals," pahayag ni Marcos.



Point VIEWER Publishing

PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

## Pag-aresto kay Senador Bato dela Rosa dahil sa arrest warrant mula sa ICC, illegal dahil sa resolusyon ng Korte Suprema noong Oktubre 2025



Inihayag ni Atty. Jason Perera, Sang Panlungsod member dito sa Lungsod ng Laoag na labag sa batas sa Pilipinas ang basta na lamang pag-aresto sa isang indibiduwal o opisyal ng bansa kung ang arrest warrant ay nanggaling sa foreign country.

Reaksyon ito ni Perera hinggil sa arrest warrant ng inisyu ng International Criminal Court laban kay Senador Ronald Bato dela Rosa.

Ipinaliwanag ni Atty. Perera na matapos ang pag-aresto at pagsuko kay dating Pangulong Rodrigo Duterte sa The Hague ay may ipinalabas ang Korte Suprema na isang resolusyon noong Oktubre 2025 hinggil sa mga hakbang kung paano arestuhin ang isang Pilipino kung mayroong arrest warrant mula sa ibang bansa laban sa kanya.

Sinabi ni Perera na sa kaso ni Senador dela Rosa, kailangan may warrant of arrest na galing mismo sa korte ng Pilipinas na isisilbi sa kanya, kung saan mag-apply ang Department of Justice at ang mga otoridad sa tinatawag na extradition court.

Dagdag niya na kung maaprubahan ay ito lamang ang tamang panahon para pwedeng isilbi at arestuhin ng mga otoridad si Senador dela Rosa.

Sinabi pa ni Perera na sa kaso ni Dela Rosa ay walang ganitong nangyayari kaya maituturing na illegal ang hakbang na basta na lamang arestuhin ang nasabing senador.

Iginiit ni Perera na mas mataas ang konstitusyon ng Pilipinas, kompara sa international law dahil may sariling soberenya ang bansa.

## Torre, binatikos si Calinisan sa umano'y 'trial by publicity' laban sa viral pulis




Pinuna ni Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) General Manager Nicolas Torre III si National Police Commission (NAPOLCOM) Commissioner Ralph Calinisan kaugnay sa umano'y tila "convenient sacrificial lamb" sa isang pulis na nasangkot sa insidente ng panunulak sa kapwa motorista.

Sa kanyang mahabang post sa social media nitong Biyernes, Mayo 15, iginiit ni Torre na hindi dapat maging instrumento ang NAPOLCOM sa "trial by publicity" at premature judgment laban sa mga pulis na iniimbestigahan pa lamang.

Ayon kay Torre, "maraming pulis ang tahimik lang, nagtatrabaho lang, sumusunod lang sa tungkulin—at marami sa kanila ang nasisira ang pangalan, karera, at pamilya dahil sa mga padalos-dalos na pronouncement na parang may desisyon na kahit hindi pa tapos ang proseso."

"Judge ka ng administrative case, hindi prosecutor ng media circus. Anong klase kang adjudicator kung sa umpisa pa lang—hindi mo pa naririnig ang buong panig, hindi pa nga lubusang naihahain ang kaso, wala pang formal hearing—naka-presscon ka na at malinaw nang sinasabi mong mali ang pulis at nakakahiya ang kanilang ginawa?" dagdag pa ni Torre.

Binigyang-diin pa ni Torre na mahalagang pairalin ang due process at hindi dapat mauna ang paghatol bago ang imbestigasyon.

"Hindi puwedeng presscon muna bago pagdinig. Hindi puwedeng public condemnation muna bago evaluation. Hindi puwedeng may desisyon ka na bago mo pa basahin ang buong kaso," dagdag niya.

Matatandaang sinabi ng NAPOLCOM na posibleng hindi lamang ang pulis na sangkot sa insidente ang managot kundi maging ang imbestigador at hepe ng Quezon City Police District-Criminal Investigation and Detection Group (QCPD-CIDG).

"Defending discipline does not mean tolerating abuse. But defending justice also means protecting our personnel from unfair persecution, " saad ng dating PNP chief.

## Mahigit 500-K customer ng Meralco, naapektuhan ng rotated power interruptions sa Luzon

Naapektuha ang mahigit 500,000 customer ng Manila Electric Co. (Meralco) sa ilang lugar sa Luzon.

Ito ay matapos itaas ng National Grid Corporation sa red alert ang Luzon grid.

Ayon sa utility company, kabilang sa mga naapektuhang mga konsyumer ay sa parte ng Bulacan, Cavite, Lahuna, Metro Manila, Quezon at Rizal. Nagtagal ang manual load dropping o rotational brownout ng nasa tatlong oras sa ilang lugar. Ipagpapatuloy naman ng kompaniya ang masusing monitoring sa sitwasyon at pangangasiwa sa sistema.

Matatandaan, nitong Biyernes, Mayo 15, nakaranas ng malawakang power interruptions ang bansa, na ngiwan ng milyun-milyong residente na walang kuryente sa gtna ng nararanasang mainit na panahon.

Sa ngayon, base sa inisyung grid alert status ng NGCP, bumalik na sa normal at may sapat na suplay ng kuryente ang Luzon Grid gayundin ang Mindanao Grid.

Habang nananatili naman sa yellow alert ang Visayas grid hanggang mamayang alas-8:00 ng gabi.

## Manila Mayor Isko, giit isantabi pulitika at magpokus sa isyu ng bansa; alokasyon sa edukasyon isinulong ni Sen. Bam, ikinatuwa

Inihayag maging ng nasa lokal na pamahalaan na ang isyu sa pulitika ay dapat isantabi muna kasabay ng mga kaganapan sa Mataas na Kapulungan ng Kongreso o ang Senado.

Ayon kay Manila Mayor Isko Moreno, nararapat lamang na ituon ang atensyon lalo na ng mga lider ng bansa sa tunay at seryosong mga problemang kinakaharap ng Pilipinas.

Kasunod ang pahayag nang magpasalamat kay Sen. Bam Aquino sa pagtiyak ng higit isang-trilyong pisong pondo alokasyon para sa edukasyon sa 2026 national budget.

Ito'y sa kabila ng mga bangayan sa pulitika kung saan ikinatuwa ng alkalde ang 600-bagong silid-aralan sa siyudad napondohan gamit ang pambansang budget.

Layon sa naturang pondo na isinulong katuwang ang senador na magkaroon ng alokasyon sa pagpapatayo ng 25-libong silid-aralan sa bansa.

Ang naturang daming bilang ay kabahagi sa nais na makatulong na tugunan ang kakulangan ng classroom sa Pilipinas na aabot sa 166-libo.

Kung kaya't umaasa si Mayor Isko Moreno mabibigyan prayoridad ang pagresolba sa kahirapan danas ng mamamayan at maibalik ang tiwala sa mga lider na dapat naglilingkod para sa ikabubuti ng mga Pilipino.

"For so many times, nanonood naman ako ng live hearing ng Senado. Tingin ko iyon ang tingin ng taumbayan, iyong ibalik ang tiwala ng tao sa kanyang halal ng bayan ng paglilingkod, immaterial of colors. Diyan po unti-unti siguro darating ang oras liliwanag din ang kaisipan, damdamin at pananaw, lalawak din at sana iyan ang ma-achieve natin pagdating ng araw," ani Manila Mayor Isko Moreno.





## Posibleng mosyon para ibasura ang Articles of Impeachment vs VP Sara sa oras na mag-convene ang Senado, labag sa Konstitusyon – Diokno

Naniniwala si Akbayan party-list Representative Chel Diokno na maituturing na labag sa Konstitusyon sakaling mag-mosyon ang isang Senador para ibasura agad ang Articles of Impeachment sa oras na mag-convene ang Senado bilang impeachment court.

Ayon kay Diokno, na isang abogado, na base sa batas, dapat na litisin ang kaso sa oras na matanggap na ng Senado ang impeachment articles.

Aniya, walang choice ang Senado kundi litisin ang kaso dahil nakasaad sa konstitusyon na "forthwith" o agad-agad isasagawa ang trial o paglilitis, ibig sabihin ilalatag dito ang ebidensiya, testigo at mga dokumento.


Isa si Diokno sa mga prosecutor sa impeachment trial laban kay VP Sara.

Ayon sa mambabatas, hindi pa nila natatanggap ang notice para dumalo sa Senado sa Lunes, Mayo 18.

Sinabi rin ni Diokno na base sa kaniyang pagkakaalam, tanging ang mga Senate impeachment court pa lamang ang magco-convene sa araw ng Lunes.



## Mabilis na pagpasa sa Cybersecurity Act, hiniling ni Yamsuan sa Kongreso dahil sa lumalalang cyber attacks



Hinimok ni Parañaque 2nd District Representative Brian Yamsuan ang Kongreso na madaliin ang pagpasa sa panukalang Cybersecurity Act upang maprotektahan ang mga kritikal na impormasyon sa bansa at mapalakas ang depensa laban sa mga banta sa internet.

Ipinalabas ni Yamsuan ang panawagan kasunod ng babala ng International Monetary Fund (IMF) ukol sa tumataas na banta ng cyber attacks sa pandaigdigang sistema ng pananalapi gamit ang Artificial Intelligence (AI).

Binanggit din ng Kongresista ang naganap na data breach sa Canvas, isang Learning Management System na ginagamit ng mga unibersidad sa Pilipinas, na naglantad sa mga pribadong rekord ng mga estudyante.

Ayon kay Yamsuan, ang mga cyber attack ay hindi lamang simpleng pagnanakaw ng datos para sa phishing, kundi isang malaking banta sa pambansang seguridad at kaligtasan ng publiko.

Iniulat din ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na patuloy nilang hinaharap ang mga cyber attack na may kaugnayan sa tensyon sa West Philippine Sea. Ang House Bill 7359 ni Yamsuan ay kabilang sa 26 na panukala na pinagsama-sama ng House Committee on Information and Communications Technology sa ilalim ng pamumuno ni Camarines Sur 5th District Rep. Migz Villafuerte.

Inaprubahan ng komite ang bersyong ito noong Mayo 6, at kasalukuyan itong nakasalang sa House Committee on Appropriations para sa pagpopondo.

Sa ilalim ng panukala, itatatag ang National Cyber Security Agency (NCSA) at isang nagkakaisang pambansang network upang magkaroon ng iisang pamantayan at mabilis na depensa ang lahat ng ahensya ng gobyerno laban sa mga banta sa digital na teknolohiya.

Ang Cybersecurity Act ay kabilang sa mga pangunahing prayoridad na batas ng administrasyong Marcos.

# Trillanes, inirekomenda ang NBI at CIDG na manguna sa imbestigasyon sa Senate shooting



Inirekumenda ni dating Sen. Antonio Trillanes IV ang pangunguna ng National Bureau of Investigation (NBI) at Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa imbestigasyon sa nangyaring barilan sa Senado noong gabi ng Miyerkules, Mayo 13.

Ayon kay Trillanes, may kakayahan at resources ang mga naturang opisina na magsagawa ng malalimang imbestigasyon sa aktwal na nangyari.

Sa likod aniya ng katotohanang ang mga ahente ng NBI ay kabilang sa mga nagpaputok ng baril, maaasahan pa rin ang naturang opisina na magsagawa ng impartial investigation, sa tulong na rin ng CIDG – mula sa forensic report hanggang sa mismong pag-trace sa mga nangyari bago, habang, at pagkatapos ng barilan.

Wala din aniyang kapasidad ang Office of the Sergeant-At-Arms na magsagawa ng imbestigasyon kung sakaling ito ang atasan ng Senado na mag-imbestiga.

Naniniwala rin ang dating senador na dapat may managot sa nangyaring paglabas ni Sen. Ronald Dela Rosa mula sa Senate premises sa kabila ng pagsasailalim sa kaniya sa Senate costudy.

Kabilang dito aniya sina Senate President Alan Peter Cayetano, Office Office of the Sergeant-At-Arms, at iba pang nakaka-alam sa tuluyang paglabas ng senador.




# Mahigit P220-M ayuda, ipinamahagi ng DSWD sa libo-libong TNC drivers

Mahigit P220 million cash assistance na ang naipamahagi ng Department of Social Welfare and Development (Department of Social Welfare and Development) sa mahigit 45,000 transport network companies (TNCs) drivers at riders sa pinakahuling payout operations ng ahensya.

Ayon sa DSWD, umabot na sa 45,522 benepisyaryo sa Metro Manila ang nabigyan ng ayuda hanggang noong Sabado, Mayo 16, na may kabuuang P227.61 million na naipamahagi sa ilalim ng Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) program.

Pinakamarami ang mga benepisyaryo mula sa Grab kabilang ang mga Move It riders, na umabot sa 37,344 at tumanggap ng kabuuang P186.72 milyong ayuda.

Samantala, 4,300 benepisyaryo mula sa JoyRide ang nabigyan ng tulong na nagkakahalaga ng P21.5 million, habang 3,878 naman mula sa inDrive ang tumanggap ng kabuuang P19.39 million.

Naitala naman noong Mayo 16 ang pinakamataas na single-day payout kung saan 8,172 benepisyaryo ang nakatanggap ng P40.89 milyong cash assistance.

Bahagi ang payout operations ng pamahalaan sa ilalim ng Unified Package for Livelihoods, Industry, Food, and Transport o UPLIFT framework.

Ayon kay DSWD spokesperson Assistant Secretary Irene Dumlao, naging maayos at mabilis ang distribusyon dahil isinagawa ito kada kumpanya at sa tulong ng koordinasyon sa mga TNC.

Nagpasalamat din ang DSWD sa mga kumpanya sa paghahanap ng mas accessible at komportableng payout venues para sa kanilang drivers at riders.

Magpapatuloy naman ang payout operations sa susunod na linggo kaya hinikayat ng ahensya ang mga benepisyaryo na regular na bantayan ang mga anunsyo mula sa kanilang mga kumpanya para sa schedule at venue ng payout.

# PNP, paiigtingin ang gabi-gabing patrol dahil sa rotational brownout

Tiniyak ng Philippine National Police (PNP) ang mas mahigpit na pagpatrolya sa gabi kasunod ng mga nararanasang rotational brownout sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Sa isang panayam, sinabi ni PNP Chief Jose Melencio Nartatez na inatasan na niya ang mga regional at provincial director na palakasin ang foot at mobile patrols, partikular sa mga residential area tuwing oras ng pagkawala ng kuryente.

"I have already directed all regional and provincial directors to intensify foot and mobile patrols specifically in residential hubs during the scheduled power interruptions at night," ani Nartatez.

Ayon sa PNP Chief, posibleng tumaas ang insidente ng krimen gaya ng "akyat-bahay" at iba pang street crimes kapag madilim ang paligid dahil sa brownout.

Pagtitiyak pa ng PNP na mananatiling bukas at operational ang Unified 911 hotline sa kabila ng power interruptions, sa tulong ng backup power systems.

"Our command centers and emergency hotlines, such as the Unified 911, will remain fully operational through back-up power systems to ensure that every call for help is answered," pahayag ni Nartatez.

Matatandaang isinailalim kamakailan ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) sa red alert ang buong Luzon.

Dahil dito, tinatayang aabot sa mahigit 320,000 customer ang maaaring maapektuhan ng rotational brownouts sa mga lalawigan ng Bulacan, Cavite, Laguna, Metro Manila, Pampanga, Quezon, at Rizal.



# Sen. Tulfo sa napaulat na panibagong Senate coup: 'Walang tumatawag, pero hindi malabong mangyari'

Nilinaw ni Sen. Erwin Tulfo na walang tumatawag sa kaniya ukol sa posibleng panibagong pagpapalit ng liderato sa Senado.

Unang kumalat ang naturang isyu kasunod ng sinabi ni Senate Pres. Allan Peter Cayetano na abala ang Senate minority sa pakikipag-usap sa ibang senador upang hikayatin silang lumipat ng panig.

Ayon kay Tulfo, wala namang tumatawag sa kaniya sa kasalukuyan.

Gayunpaman, hindi aniya ito malabong mangyari.

Katwiran ng senador, 'sobrang nipis' ng kasalukuyang majority kaya't nananatili ang posibilidad na magkaroon ng mga pagbabago.

Maliit lamang aniya ang diperensiya ng 13-9-2 na resulta ng naging botohan kamakailan.Kung tutuusin aniya, ang dalawang nag-abstain ay maikokonsidera na ring "no vote" kaya't maaari aniyang sabihing 13-11 ang kasalukuyang hatian.Sa kasalukuyan ay hindi pa naglalabas ng reaksyon si Sen. Tito Sotto na nagsisilbing lider ng minorya, ukol sa napaulat na Senate coup.

# Rank 10 sa March 2026 LET, 'di inaasahang makapasa dahil sa umano'y mga nilabag na 'pamahiin' o signs at naranasang anxiety

Pasok sa rank-10 ng March 2026 Licensure Examination for Teachers (LET) ang isang 23-anyos na dalaga mula sa bayan ng Samboan, Cebu.

Si Khery Jane Fernandez na nagtapos bilang cum laude sa Cebu Technological University – (Moalboal-Malabuyoc Extension) Campus, ay nakakuha ng 92.80% rating.

Sa eksklusibong panayam inamin ni Fernandez na hindi niya inaasahang papasa, lalo na't marami umano siyang "signs" at pamahiin na ikina-overthink niya bago at habang kumukuha ng exam.

Ayon kay Fernandez, nahulog umano ang kanyang mga lapis habang nag-eexam, bagay na pinaniniwalaang malas at senyales na hindi papasa. Bukod dito, napalingon din siya habang nasa testing center dahil hindi siya pamilyar sa lugar, dahilan para lalo siyang kabahan dahil may paniniwalang bawal lumingon habang kumukuha ng board exam.

"Hindi ko inexpect na mapabilang sa Top 10, kala ko talaga na di ako papasa kasi there were many signs na hindi ako papasa. like una, nahulog yung mga pencils ko and dun ko lang na realize na bawal pala yun. Pangalawa, lumingon ako. Kasi kasali yung sa pamahiin na bawal lumingon. Di pa naman kasi ako familiar sa testing center kasi I'm from the province and it's my first time to be here sa city," saad ni Fernandez.

Dagdag pa niya, bago pa man ang review sessions ay nakaranas siya ng anxiety at pagdadalawang-isip kung itutuloy ang pagkuha ng LET.

Sa kabila nito, ipinagpatuloy niya ang laban sa pamamagitan ng dasal at pagdalaw sa Birhen sa Simala sa Sibonga, Cebu.

"Months before the review session, palagi akong kinakabahan Like anxiety symptoms ang aking naramdaman. That's why nagdadalawang isip ako na magproceed sa pagtake. but in my mind, naumpisahan ko na kaya tinuloy-tuloy ko na. And then I overcome those by praying to God and I visited and prayed sa Birhen sa Simala sa Sibonga," dagdag pa nito.

Sinabi rin ng dalaga na hindi siya yung tipo ng reviewee na buong araw nag-aaral.

Nagpapahinga rin umano siya sa panonood ng K-drama at paglalaro ng online games kapag napapagod.

Ngunit isang linggo bago ang exam, dineactivate niya ang kanyang social media accounts at inalis ang online games upang makapag-focus.

Binigyang-diin pa niya ang kahalagahan ng disiplina at sakripisyo sa pag-abot ng pangarap.

Sa kabila ng pagiging mahiyain, sinabi niyang mas lalo niyang minahal ang propesyon ng pagtuturo matapos ang kanyang internship at nais niya itong ipagpatuloy.

Aniya, "It's very important to have self-discipline. I learned that if you really want to achieve something, you really need to sacrifice your time and set aside those things that distract you so you can focus."



# Cash remittances ng OFWs umabot sa US$2.9B noong Marso 2026

Umabot sa US$2.87 bilyon ang cash remittances mula sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) noong Marso 2026, ayon sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

Tumaas ito ng 2.8 porsyento kumpara sa US$8.44 bilyon na naitala mula Enero hanggang Marso 2025, na naging US$8.68 bilyon sa parehong panahon ng 2026.

Nanatiling pangunahing pinagmumulan ng remittances ang Estados Unidos, na sinundan ng Singapore at Saudi Arabia.

Ang mga bansang ito ay may malaking bilang ng mga Pilipinong manggagawa sa sektor ng kalusugan, teknolohiya, at serbisyo.

Samantala, ang personal remittances – kabilang ang cash na ipinadala sa pamamagitan ng bangko, informal channels, at remittances in kind – ay umabot sa US$3.20 bilyon noong Marso 2026. Sa year-to-date na tala, tumaas din ito ng 2.8 porsyento mula US$9.40 bilyon noong Enero-Marso 2025 tungo sa US$9.66 bilyon sa parehong panahon ng 2026.

Mahalaga ang remittances bilang isa sa pinakamalaking pinagkukunan ng foreign exchange reserves ng Pilipinas.

Malaki ang naitutulong nito sa pagpapatatag ng piso at sa domestic consumption, dahil karamihan sa mga pamilyang tumatanggap ng remittances ay ginagamit ito para sa pagkain, edukasyon, at pabahay.

Ang patuloy na paglago ng remittances ay nagpapakita ng resilience ng mga OFW sa kabila ng pandaigdigang hamon, ngunit nananatiling hamon para sa bansa ang paglikha ng sapat na lokal na trabaho upang hindi lubos na umasa ang ekonomiya sa padala mula sa ibang bansa.

# PITX, sinuspinde ang terminal fees ng mga PUV sa loob ng 3 buwan

Sinuspinde ang pagbabayad ng terminal fees sa Parañaque Integrated Terminal Exchange (PITX) sa loob ng tatlong buwan bilang tulong sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis.

Ayon sa Department of Transportation (DOTr), inaprubahan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang pansamantalang pagtanggal ng bayarin na epektibo simula Mayo 18, 2026.

Tinatayang aabot sa mahigit P5 million ang matitipid ng mga PUV operator sa ilalim ng hakbang.

Kasama sa mga PUV na makikinabang sa suspensyon ng fees ang provincial buses, city buses, jeepneys (PUJ at modern PUJ), UV Express, at taxi. Dati-rati, may bayarin mula P10 hanggang P100 depende sa uri ng sasakyan.

Ayon sa DOTr, posibleng palawigin pa ang suspensyon depende sa magiging resulta ng pagsusuri sa epekto nito sa sektor ng transportasyon at sa presyo ng langis.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO
QUEZON CITY
E-mail Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline no. 09155083986/89243843

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

-versus-

**FRE NO. 16469**

**FERLITO IMPORTANTE MARQUEDA, AS REPRESENTED BY HIS ATTORNEY-IN-FACT, PAROLITO PEQUERO MARQUEDA,**
Debtors/Mortgagors.
x-------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY (Under Act 3135, As Amended)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms and conditions of the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate) dated 27 September 2018 and Supplemental Terms and Conditions of the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate) dated 08 August 2022 executed by **PAROLITO PEQUERO MARQUEDA,** as attorney-in-fact of **FERLITO IMPORTANTE MARQUEDA,** of legal age, single, Filipinos and with postal address at 1) 325 Unit ©, M. Dela Fuente Street, Sampaloc, Manila; 2) Lot 77, Block 9, Phase 2, Eastwind Subdivision, Rodriguez Rizal Province 1860; and 3) Unit 23F-0029, 23rd Floor, Vista 309 Katipunan, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City, Debtors/Mortgagor in favor of **BDO UNIBANK, INC.,** Mortgagee, to satisfy the mortgage debt in the amount of Php 2,009,033.75 per attached Statement of Account as of 22 April 2026 inclusive of accrued interest and other charges, together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **25 JUNE 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M. at the Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will sell thru public auction to the highest bidder for cash, in Philippine Currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 004-2021017543**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

VISTA 309 KATIPUNAN

23RD FLOOR

UNIT NO. 23F-0029 – A 1 BEDROOM W/ BALCONY UNIT LOCATED AT THE 23RD FLOOR OF "VISTA 309 KATIPUNAN" WITH AN AREA OF 27. 93 SQUARE METERS, MORE OR LESS.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE N-295854; N-295863 which embraces and describes the land located at KATIPUNAN AVE., LOYOLA HEIGHTS, QUEZON CITY with an area of (825 & 525) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: FERLITO IMPORTANTE MARQUEDA, OF LEGAL AGE, FILIPINO, SINGLE**
**Address:** 325 UNIT (C) M. DELA FUENTE ST., SAMPALOC, MANILA

as owner(s) of said unit in fee simple, with all the incidents provided by the Condominium Act, subject to such of the encumbrances noted on this condominium certificate of title and on the certificate of title of the land as may affect the unit; to those mentioned in the enabling or master deed and declaration of restrictions; and to those provided by law.

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and the encumbrances thereon, if any there be.

In the event that public auction should not take place on the scheduled date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **02 JULY 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, 11 May 2026.

**(SIGNED)**
**PHILIPSON A. DOCABO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and
Ex-Officio Sheriff

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law.

Copy Furnished:

**FERLITO IMPORTANTE MARQUEDA, AS REPRESENTED BY HIS ATTORNEY-IN-FACT, PAROLITO PEQUERO MARQUEDA**

1) 325 Unit ©, M. Dela Fuente Street, Sampaloc, Manila;

2) Lot 77, Block 9, Phase 2, Eastwind Subdivision, Rodriguez Rizal Province 1860; and

3) Unit 23F-0029, 23rd Floor, Vista 309 Katipunan, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong
City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: May 18, 25 & June 01, 2026**

# Lumabas na ebidensiya vs VP Sara, patikim pa lamang – House prosecutor

Nangako ang House Prosecution panel ng mas marami at matitibay na ebidensiya laban kay Vice President Sara Duterte.

Ayon kay panel member, Rep. Ysabel Maria Zamora, pawang mga patikim pa lamang ang mga lumabas na ebidensiya laban sa bise presidente.

Mas maraming ebidensiya pa aniya ang ilalabas ng panel oras na magsimula na ang impeachment trial.

Kahapon ay nabuo na ang prosecution team na kinabibilangan ng 11 batikang mambabatas na pawang mga abogado.

Ayon kay Zamora, naghahanda na ang panel at nakatakdang paghati-hatian ng bawat miyembro ang kani-kanilang hahawakang isyu at partikular na kaso laban sa pangulo.

Para sa mambabatas, posibleng isa siya sa mga hahawak sa 'grave threat' issue o yaong naging pagbabanta ni VP Sara kina Pang. Ferdinand Marcos, First Lady Liza Marcos, at dating House Speaker Martin Romualdez.

Giit ni Zamora, marami pang ebidensiya ang naghihintay na mabuksan at maipapakita sa publiko bilang pagsuporta sa bawat alegasyon laban sa bise presidente.

# Walang batas na nagpapahintulot sa Senado na protektahan ang senador na may pananagutan sa batas – Sen. Risa

Binigyang-diin ni Senator Risa Hontiveros na hindi dapat pinoprotektahan ng Senado ang mga miyembro ng kapulungan na may pananagutan sa batas o may kinakaharap na warrant of arrest dahil sa heinous crimes.

Ito ang kasagutan ng senador nang matanong ukol sa pagbibigay ng mataas na kapulungan ng protective costudy kay Sen. Ronald Dela Rosa.

Aniya, walang batas na nagpapahintulot sa Senado na protektahan ang isang senador mula sa kaniyang pananagutan sa batas o umiwas sa anumang legal process.

Kabilang si Sen. Hontiveros sa mga senador na umaapela kay Sen. Dela Rosa na boluntaryong sumuko sa mga otoridad, kasunod ng paglabas ng kaniyang arrest warrant mula sa International Criminal Court (ICC).

Ito ay sa pamamagitan ng Senate Resolution No. 395 na inihain kahapo, May 12, 2026.

Katwiran ni Hontiveros at iba pang pumirma sa naturang resolusyon, walang constitutional authority ang Senado para magbigay ng 'protective custody' o 'sanctuary' sa sinuman, laban sa mga ligal na pag-aresto, lalo na sa mga mabibigat na kaso.

Una naman itong tinanggihan ni Dela Rosa.

Sa ngayon, kumpirmado nang nakalabas ng Senado ang dating Philippine National Police (PNP) chief na ilang araw ding nanatili sa Mataas na Kapulungan kasunod ng kaniyang ICC warrant.Balitang Pilipinas

# Sotto, aabangan umano ang pangako ni SP Cayetano na agad pag-convene sa Senado bilang impeachment court



Aabangan umano ni dating Senate President Tito Sotto kung susundin ni Senate President Alan Peter Cayetano ang kaniyang naunang pahayag na agad pag-convene sa Senado bilang isang impeachment court kapag natanggap na ang Articles of Impeachment.Sa isang panayam ay ikinuwento ni Sotto ang naging usapan nila ni Cayetano kasunod ng biglaang pagbabago sa liderato ng Senado noong Lunes, May 11.Ayon kay Sotto, sinabihan niya si Cayetano na sa araw mismo na matanggap niya ang Articles of Impeachment ay ipaalam na niya ito sa kaniyang mga kapwa senador. Sa susunod na araw aniya, kailangan nang mag-constitute at mag-convene ang Senado bilang impeachment court.Nangako naman umano si Cayetano na kaniyang susundin ang payo ni Sotto. Ayon sa dating SP, panahon lamang ang makakapagsabi kung gagawin ito ng bagong presidente ng Senado, habang patuloy naman umano niyang babantayan ang mga susunod na mangyayari sa Mataas na Kapulungan.

# Anti corruption campaign ng LTO nakapagtala ng 56 empleyadong sinampahan ng admin cases

Hindi bababa sa 56 na tauhan ng Land Transportation Office (LTO) ang sinampahan ng administrative cases ayon kay LTO Chief at Transportation Assistant Secretary Markus Lacanilao.

Kabilang sa mga kasong isinampa laban sa mga empleyado ang grave misconduct, serious dishonesty, gross neglect of duty, extortion, falsification of official documents, at iba pang paglabag na may kaugnayan sa integridad ng ahensya.

Giit ni Lacanilao, bahagi ito ng ipinatutupad niyang kampanya laban sa korapsyon at kapabayaan sa ahensya sa ilalim ng kanyang 7-Point Priority Agenda na nakatuon sa integridad, katapatan, at dekalidad na serbisyo.

Dagdag pa niya, hindi lamang mga operasyon laban sa mga fixer at pasaway na motorista ang tinututukan ng LTO, kundi pati na rin ang paglilinis sa hanay ng sariling mga tauhan upang maibalik ang tiwala ng publiko sa ahensya.

Ayon sa LTO, sa kabuuang bilang na 56 na empleyado, isa ang presidential appointee habang 34 ang permanenteng empleyado mula sa central office at iba't ibang regional offices sa Metro Manila, Region II, Region IV-B, Region VI, Cordillera Administrative Region (CAR), at CARAGA.

Kabilang sa mga hakbang na ipinataw ang preventive suspension at pagsasampa ng formal charges sa ilang tauhan, habang ang iba ay isinailalim sa imbestigasyon ng Central Office Disciplinary Board (CODB), Regional Administrative Action Board (RAAB), at Department of Transportation (DOTr).

Samantala, 16 job order personnel ang tuluyang tinanggal sa serbisyo, habang dalawang LGU auxiliary enforcer at isang security guard ang binawi ang deputation authority.

Dalawang opisyal ng LTO mula sa National Capital Region at Region XII ang binigyan naman ng "stern warning" dahil sa mga administrative lapses.



Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
National Capital Judicial Region
Branch 97, Quezon City
rtc2qzn097@judiciary.gov.ph | (02) 87433334

**ANTHONY DELOS SANTOS,**
Plaintiff,

**CIVIL CASE NO.**
**R-QZN-25-09412-CV**

-versus-

For: Annulment of Contract with Damages

**LAURA SERASPI ANTILLON,**
Defendant.
x--------------------------------------------x

## SUMMONS BY PUBLICATION

To: **LAURA SERASPI ANTILLON**
Defendant
No. 22 Joshua St., Filinvest Heights, Filinvest Homes 2, Bagong Silang, Quezon City

GREETINGS:

You are hereby required, within sixty (60) days from the date of the last publication of this summons, to file with this Court and serve on the plaintiff your answer to the Complaint, copy of which is likewise served upon you through publication. You are reminded of Section 12 (a), Rule 15 of the 2019 Amendments to the 1997 Rules of Civil Procedure prohibiting the filing of a motion to dismiss except on the grounds provided for under said rule if you fail to answer within the time aforesaid, the plaintiff will take judgment against you by default and demand from the court the relief applied for.

WITNESS my hand under the seal of the Court, this 8th day of May 2026 in Quezon City, Metro Manila.

**(SIGNED)**
**ATTY. KRESNIE ANNE F. BAUTISTA**
Branch Clerk of Court

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: May 25 & June 01, 2026**

# Mayorya ng Senado, suportado ang naging aksiyon ni Aplasca sa shooting incident

Sinusuportahan ng mayorya ng Senado ang aksiyon ni Acting Sergeant-at-Arms Mao Aplasca sa naganap na shooting incident noong Miyerkules, Mayo 13.

Nauna nang napaulat na si Aplasca ang naunang nagpaputok ng warning shot laban sa ahente ng NBI sa GSIS building, bagay na kinumpirma rin ng retired police official. Ayon kay Sen. Jinggoy Estrada, "justifiable" ang naging hakbang ni Aplasca dahil sa banta ng pagpasok ng NBI sa kabila pa ng pagtitiyal na hindi aarestuhin si Sen. Bato Dela Rosa, habang nakasailalim noon sa protective custody ng Senado.

Ayon kay Sen. Estrada, nakakapagtaka ang presensya at pakay ng NBI sa lugar gayong kinumpirma mismo nina Senate President Alan Peter Cayetano at DILG Sec. Jonvic Remulla na walang direktiba para arestuhin si Sen. Dela Rosa.

Nilinaw ni Estrada na ang kaniyang naging pahayag na "itago ninyo ang CCTV" ay patungkol sa agarang pag-secure ng mga footage upang magsilbing ebidensiya sa mga isasagawang imbestigasyon. Saad pa ng senador na dapat na mailabas ang CCTV camera footage para malaman ng publiko ang nangyari.

Samantala, ipinag-utos na ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa NBI at PNP na imbestigahan ang insidente. Gayundin, ipinag-utos na rin ni Ombudsman Jesus Crispin Remulla ang pagsasagawa ng malalimang imbestigasyon, kung saan kasalukuyang sinuspinde si Aplasca habang isinasagawa ang pagsisiyasat.

ADVERTISE WITH US
Contact us to learn about advertising opportunities.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
0995-101-8830 (globe)

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (successor-in-interest of BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.),
Petitioner/Mortgage,

File No. 26-100-REM
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118

-versus-

LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO ESTOJERO, JR., A.K.A. LEONARDO M. ESTOJERO, JR.,
Respondent/s-Mortgagor/s-Borrower/s.
x---------------------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS, with office address at Bank of the Philippine Islands, 28th/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City against the borrower/mortgagor LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO ESTOJERO, JR., A.K.A. LEONARDO M. ESTOJERO, JR., with residence and postal address/es at (1) Block 3, Lot 9, POCC Compound, Nenita Street, Gulod, Novaliches, Quezon City; and (2) Unit J, (24J) 24th Floor, ADB Avenue Tower, ADB Avenue Ortigas Center, Bo. Oranbo, Pasig City, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of March 31, 2026 amounts to PESOS: FOUR MILLION SEVEN HUNDRED FIFTY-FIVE THOUSAND ONE HUNDRED FORTY-FOUR and 87/100 (PhP4,755,144.87) inclusive of interests, penalties and other charges but exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale the Clerk of Court & Ex Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff will sell at public auction on **JULY 22, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, Infront of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH in Philippine Currency the real property mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title**

**No. 011-2020001999**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

RESIDENTIAL
UNIT 24J – A RESIDENTIAL TYPE CONDOMINIUM UNIT LOCATED AT THE 24TH FLOOR LEVEL OF "ADB AVENUE TOWER", CONTAINING AN AREA OF 29.0 SQUARE METERS OR LESS.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011000381 which embraces and describes the land located at BO. ORANBO, PASIG CITY with an area of ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FORTY-NINE (1,749) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR., OF LEGAL AGE, SINGLE, FILIPINO**

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **AUGUST 12, 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, April 27, 2026.

**(SIGNED)**
**RODERICK P. BERNARDO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned …

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (successor-in-interest of BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.)
Bank of the Philippine Islands, 28/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City

LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO M. ESTOJERO, JR.
(1) Block 3, Lot 9, POCC Compound, Nenita Street, Gulod, Novaliches, Quezon City
(2) Unit J, (24J), 24th Floor, ADB Avenue Tower, ADB Avenue Ortigas Center, Bo. Oranbo, Pasig City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: May 11, 18 & 25, 2026**

# Trillanes, Kinuwestiyon ang Putukan sa Senado; Tinawag na "Stage" ang Insidente



Kinuwestiyon ni dating senador na si Antonio Trillanes IV ang nangyaring putukan sa loob ng Senado kaugnay ng tangkang pag-aresto kay Ronald "Bato" dela Rosa noong Martes, Mayo 13, at tinawag itong tila "stage" o planadong insidente.

Ayon kay Trillanes, kapansin-pansin umano ang naging kilos ng mga sangkot sa tensiyon dahil tila alam na agad ng mga ito ang kanilang gagawin bago pa man makarating sa lugar ng pinangyarihan.

Sinabi rin niya na tila naisakatuparan umano ng mga nasa likod ng insidente ang kanilang layunin na mailihis ang atensiyon ng publiko at mabigyang-daan ang pagtakas ni dela Rosa, na umano'y sumakay sa sasakyan ni Senador Robin Padilla madaling araw noong Miyerkules. Iniuugnay din niya rito si Senate President Alan Peter Cayetano at ilang senador mula sa majority bloc.

Ayon pa kay Trillanes na hindi dapat palampasin ang insidente at dapat may managot, kabilang ang Sergeant-at-Arms at ilan pang awtoridad na nakaatas sa seguridad dahil umano sa kanilang kapabayaan.

Dagdag niya, batay sa kaniyang impormasyon ay nasa loob pa rin umano ng bansa si dela Rosa at nananatili muna sa Metro Manila para makiramdam sa mga kaganapan bago bumalik sa Mindanao.

Nanawagan din si Trillanes ng patas na imbestigasyon at sinabing dapat manguna rito ang National Bureau of Investigation (NBI) at Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) upang matukoy ang mga responsable sa insidente.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
0995-101-8830 (globe)

PHILIPPINE NATIONAL BANK,
Applicant-Mortgagee,

File No. 26-116-REM
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118

-versus-

SPS. RHOAN A. RABADO AND CESAR L. RABADO,
Debtors/Mortgagors.

APRIL ROSE C. ANGELES,
Co-Debtor.
x-----------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

